# The Gospel Expressed

## Si Cristo at ang Pamahalaan

WEEK 20

## WARM-UP

- Lagi ka bang sumusunod sa mga batas trapiko? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang isang obligasyon na masaya mong tinutupad? Magkuwento tungkol dito.
- Ano ang kadalasang nagiging reaksyon mo sa mga taong nag-uutos sa iyo? Sa iyong palagay, bakit ganito ang nagiging tugon mo?

## WORD

*Magpasakop kayong lahat sa mga namumuno sa pamahalaan. Sapagkat ang lahat ng pamahalaan ay nagmula sa Diyos, at siya ang naglagay sa mga namumuno sa kanilang pwesto.* **MGA TAGA-ROMA 13:1**

Magmula sa ika-12 kabanata ng Mga Taga-Roma hanggang sa susunod na mga kabanata, tinalakay ni apostol Pablo ang nararapat nating tugon sa habag ng Diyos na ipinakita Niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo. Ito ay ang pagbibigay ng ating mga sarili bilang buhay na handog upang sambahin Siya. Ang lahat ng ito ay tungkol sa pagpapahayag ng pagmamahal sa ating kapwa sa iba't ibang paraan. Sa ika-13 kabanata ng Mga Taga-Roma, tinalakay ni Pablo kung paano ito makikita sa pakikitungo natin sa pamahalaan bilang mga Kristiyanong mananampalataya at mamamayan. Ito ay isang komplikado at sensitibong paksa para sa marami. Subalit nagbigay si Pablo ng dalawang katotohanan na maaaring maging gabay natin.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang mga plano at layunin para sa ating bayan. Hingin sa Diyos ang kakayahan upang magawa ng Kanyang mga mamamayan na magtiwala hindi sa mga taong inilagay Niya sa kapangyarihan, kundi sa Kanya.
- Hingin sa Diyos na maghanda ng mga henerasyon ng mga pinuno na maglilingkod sa Kanya. Ipanalangin na magkaroon sila ng mga pagkakataon na makapaglingkod sa kanilang komunidad at magsilbing mabuting impluwensiya sa mga tao maging sa kasalukuyan.
- Ipanalangin ang mga tao na inilagay ng Diyos sa posisyon ng kapangyarihan sa ating bansa. Hingin sa Diyos na bigyan sila ng karunungan upang makapamahala ng maayos. Ipanalangin na magkaroon sila ng takot sa Diyos sa kanilang puso upang magawa nilang gumawa ng mga pagpapasya na para sa ikabubuti ng mga tao na dapat nilang paglingkuran.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## 1 Ang Diyos ang nagbibigay ng awtoridad.

*. . . Sapagkat ang lahat ng pamahalaan ay nagmula sa Diyos, at siya ang naglagay sa mga namumuno sa kanilang pwesto.*

**MGA TAGA-ROMA 13:1**

Sinulat ni Pablo ang aklat ng Mga Taga-Roma para sa mga mananampalataya sa Roma, na noong panahon na iyon ay pinamumunuan ng isang emperador na kilala sa kanyang kalupitan sa mga Kristiyano. Alam ni Pablo ang bigat ng kanyang mga salita noong sinabi niyang ang Diyos *ang naglagay sa mga namumuno sa kanilang pwesto*. Subalit ipinahihiwatig nito na ang awtoridad at kapangyarihan ng tao ay hindi ganap. Sa katunayan, *ang lahat ng pamahalaan ay nagmula sa Diyos*. Nangangahulugan ito na Siya ang naglalagay at nag-aalis sa mga tao sa posisyon ng kapangyarihan. Hindi ito nangangahulugan na ang mga namumuno sa pamahalaan ay makadiyos at ang lahat ng mga ginagawa nila ay nakalulugod sa Diyos. Subalit kayang gamitin ng Diyos maging ang mga namumuno na hindi makadiyos upang ipatupad ang Kanyang mga layunin (hal., Gobernador Pilato). Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Roma 8:28 na makapagbibigay sa atin ng katiyakan na tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga mabubuting plano at pangako, kahit sino pa man ang nakaupo sa pwesto sa pamahalaan?

## 2 Sa huli, tayo ay nagpapasakop sa awtoridad ng Diyos.

*Magpasakop kayong lahat sa mga namumuno sa pamahalaan. Sapagkat ang lahat ng pamahalaan ay nagmula sa Diyos, at siya ang naglagay sa mga namumuno sa kanilang pwesto.*

**MGA TAGA-ROMA 13:1**

Dahil ang lahat ng kapangyarihan ay nagmumula sa Diyos at Siya ang naglalagay sa mga tao sa posisyon ng kapangyarihan, sinabi ni Pablo na dapat tayong magpasakop sa mga namumuno sa pamahalaan. Ngunit ang pagpapasakop at pagsunod ay magkaibang mga bagay. Hindi niya sinasabi na dapat nating sundin ang lahat ng sasabihin nila. Si Pablo at ang iba pang mga mananampalataya noong panahong ito ay sinabihan ng mga may awtoridad na huminto sa pagpapangaral ng ebanghelyo, subalit hindi nila ito ginawa (Mga Gawa 5: 27–29). Pinili nilang ipahayag ang ebanghelyo sa mga tao kahit pa magdulot ito ng pag-uusig o kamatayan. Dahil ang Diyos ang ganap na awtoridad, sa mga pagkakataong ang iniuutos ng isang taong may awtoridad ay hindi naaayon sa kagustuhan ng Diyos, pinili nilang sundin ang Diyos at hindi ang tao. Ang pagpapasakop ay tumutukoy sa ating pag-uugali. Ang isang tao ay maaaring magpasakop sa isang taong may awtoridad at magpahayag pa rin ng kanyang opinyon, pananaw, pagkabahala, at maging hindi pagsang-ayon. Sa kasalukuyang demokrasya, ang mga mamamayan ay may kalayaang makapagsalita. Subalit, bilang mga tagasunod ni Kristo, dapat natin itong gawin nang may paggalang at may motibong magpahayag ng pagmamahal, upang maipakita natin si Cristo sa mga nasa paligid natin. Sa paanong paraan ka nagpapasakop sa mga may awtoridad? Paano nito naipapakita ang pagpapasakop mo sa awtoridad ng Diyos?

## APPLICATION

- Isulat ang isang batas o regulasyon na hindi lumalabag sa kagustuhan ng Diyos subalit nahihirapan ka pa ring sundin. Hingin sa Diyos ang kakayahan na sundin ang mga batas sa iyong bansa.
- May mga pag-uugali o kilos ka bang ginagawa patungkol sa mga namamahala sa pamahalaan na hindi nagpapakita ng katotohanan ni Cristo? Ano ang mga katotohanang maaari mong pag-isipan upang matulungan kang baguhin ang mga ito?
- Ang Diyos ang naglalagay sa mga namumuno sa pamahalaan sa posisyon ng kapangyarihan. Sa paanong paraan mo magagawang suportahan ang mga may awtoridad sa inyong komunidad, lungsod, at bansa?